

Checklist sa Inspeksyon ng Bahay

- Mga birdbath at fountain
- Mga nasa pasong halaman at mga plato
- Mga tulo ng hose at gripo
- Mga water bowl ng alagang hayop
- Mga duyan na gawa sa gulong
- Mga wagon at panlabasan na laruan
- Mga canoe, kayak, at bangka
- Mga lona at pantakip sa kotse/bangka
- Hindi naaalagaan na mga pool at spa
- Walang mga screen na rain barrel
- Mga baradong pasilyo/ tubong agusan ng tubig
- Walang takip na mga basurahan
- Mga patukaan ng livestock
- Mga karatilya at kariton
- Mga tulo sa ilalim ng mga istraktura
- Mga timba, paso ng bulaklak, mga vase, at iba pang mga container
- Itinapon na mga gulong at dumi
- Mababang lugar na may mahinang drainage
- Mga pandekorasyon na lawa, mga water garden, at iba pang mga may tubig na dekorasyon

San Mateo County Mosquito & Vector Control District

Pinoprotektahan ang Kalusugan ng Publiko mula pa noong 1916

Ang San Mateo County Mosquito and Vector Control District ay isang independiyenteng espesyal na distrito na nakatuon sa pagbabantay ng kalusugan at kaginhawahan ng mga mamamayan ng County ng San Mateo sa pamamagitan ng isang may planong programa upang mabawasan ang mga lamok at iba pang mga hayop na nagdadala ng sakit.

ANG AMING MGA SERBISYO

Mosquito Surveillance & Control

Pagde-deliver ng Mosquito Fish

Pagkikilala at Edukasyon sa Garapata o Niknik

Pagkikilala at Edukasyon sa Insekto

Mga Inspeksyon at Survey ng Rodent

Pagkokontrol ng Yellowjacket

Pampublikong Edukasyon

Vector-Borne Disease Surveillance



SAN MATEO COUNTY
MOSQUITO & VECTOR
CONTROL DISTRICT

(650) 344 - 8592
1351 Rollins Road
Burlingame, CA 94010

Lunes-Biyernes 8a.m.
hanggang 4:30p.m.
www.smcmvcd.org

IWASAN ANG MGA LAMOK

SAN MATEO COUNTY MOSQUITO AND VECTOR CONTROL DISTRICT



SAN MATEO COUNTY
MOSQUITO & VECTOR
CONTROL DISTRICT

Pinoprotektahan ang Kalusugan ng
Publiko mula pa noong 1916

ANG PAG-IIWAS SA MGA LAMOK AY NAGSISIMULA SA TAHANAN

Ang pinakamabuting paraan para maiwasan ang mga kagat ng lamok ay ang pagtatapon, pag-aalis ng tubig, o paggagamot sa stagnant na tubig kung saan nangingitlog ang mga lamok, kitikiti, at kapulyo. Madalas na tingnan ang iyong ari-arian kung may stagnant water na naiipon, at itapon o alisin ang tubig na may makita ka. Subukan na alisin ang mga pinagmumulan ng tubig na paulit-ulit na napupuno, tulad ng mga container sa labas at mga area na may mahinang pagpapatubig. Kung mayroon kang mga pinagkukuhanan ng tubig na hindi maaaring maalís, tulad ng mga ornamental na lawa o mga patukaan sa mga livestock, makipag-usap sa technician na Distrito tungkol sa mga pagpapagamot sa tubig o iba pang mga paraan para maiwasan ang pangingitlog ng mga lamok.

HINDI LANG ISANG SAGABAL ANG MGA LAMOK

Ang West Nile virus ay ang pinaka karaniwang sakit na galing sa lamok sa County ng San Mateo. Ito ay nahahawa o nalilipat kapag ang mga tao ay nakagat ng may sakit na lamok. Ang karamihan sa mga tao na nagkakaroon ng West Nile Virus ay walang mga sintomas, pero ang ilan ay lubos na sasama ang pakiramdam o hahantong sa kamatayan. Ang mga sintomas ng West Nile virus ay kinabibilangan ng sakit ng ulo, lagnat, pamumutlig, meningitis, o encephalitis.

Walang bakuna para sa tao na laban sa

West Nile virus. Ang nag-iisang paraan para maiwasan ang West Nile virus ay iwasan na makagat ng isang may sakit na lamok. Ang taong may palagay na mayroon silang West Nile virus ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang doktor kaagad.

IWASANG MAKAGAT NG LAMOK

MAGBIHIS NG MAINAM BILANG DEPENSA

Panatilihin na taklob ang balat ng pananamit sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga mahahabang manggas na shirt at pantalon kapag nasa labasan. Piliin ang maluluwag na pananamit; maaaring makalusot at makakagat ang mga lamok sa mga masisikip na damit.

GUMAMIT NG INSECT REPELLENT

Maghanap ng mga nakarehistro sa EPA na mga produkto na mayroong DEET, Picaridin, IR-3535, o oil of lemon eucalyptus. Parating magpahid o maglagay ng repellent ayon sa instruksyon sa etiketa nito.

IWASAN ANG MADALING ARAW AT TAKIP SILIM

Ang karamihan sa mga specie ng lamok ay aktibo kapag madaling araw at takip silim. Orasan ang mga aktibidad sa labasan para mapakaunti ang iyong pagkakalantad sa mga kagat ng lamok.

TIYAKIN NA NASA LABAS ANG MGA LAMOK

Tiyakin na nasa labas ng iyong tirahan ang mga lamok sa pamamagitan ng pagsisigurado na ang pinto at mga screen ay mahigpit na sarado at nasa mabuting kondisyon.

IWASANG MAKAGAT NG LAMOK

Maraming nagbago nitong huling century sa pagkokontrol ng lamok. Sa pamamagitan ng mas mabuting pag-uunawa sa biolohiya ng lamok at ng kapaligiran, ang modernong mga pamamaraan sa pamamahala sa lahod ay nakatuon sa pag-iiwas sa mga problema bago pa man maganap ang mga ito.

Ang Distrito ay nagtatrabaho buong taon para magamot ang mga stagnant water kung saan maaaring mamuhay ang mga lamok, tulad ng storm water catch basin, mga creek, lawa at mga latian. Ang pag-iiwas sa larviciding (pamamatay sa itlog ng lamok sa tubig) ay ang pinakamabisang paraan para patayin ang itlog ng lamok bago ma-develop ito sa malalaki nang lamok na kayang makapaglipat ng mga sakit sa mga tao.

Ang programang ito ay maraming mga benepisyo:

MAS MABABANG TAPANG NG LASON

Ang mga materyal sa pagkokontrol ng itlog ay mas ligtas para sa kapaligiran at lubos na tiyak para sa mga lamok.

MAS KAUNTING PAGGAMIT NG PESTICIDE

Ang mga materyal na ginagamit sa mas maliit na area kaysa sa kakailanganin para sa mga adult na mosquito.

MAS MABABANG PANGANIB NA MAGKASAKIT

Ang pag-target sa mga hindi pa malalaking lamok ay pumapatay sa mga ito bago nila makayanang magkalat ng sakit.